

Magandang hapon, mga Pamilya at Kawani ng ASD,

Ikinalulugod naming ibahagi sa inyo na tatlong bagong drayer ng bus ang magpapatakbo sa mga lansangan sa susunod na linggo! Maaaring mukhang maliit ito dahil kulang pa tayo sa 70 drayber, ngunit ito ay isang panalo gayunpaman sa ating mga pagsisikap na makabalik sa buong serbisyo. Magandang balita!

Gaya ng sinabi namin kahapon, kung saan nakatalaga ang ating mga bagong drayber ay ibabatay sa ating mga prayoridad sa pagpapanumbalik ng ruta. Ang mga pangunahing priyoridad na iyon ay kaligtasan, pangangailangan ng estudyante, at kahusayan. Pansamantala, higit sa 50 na potensyal na drayber ang nananatili sa proseso ng pagkuha at pagsasanay.

Ang paghatid at pagsundo ng mga estudyante bukas ay magiging iba at mapaghamon. Habang papunta kayo sa ating mga paaralan, mangyaring panatilihin nasa isip ang kaligtasan. Magiging mabigat ang dami ng mga naglalakad at sasakyan na maglalakbay patungo sa ating mga paaralan. Nakipag-ugnayan kami sa ating mga kasosyo sa [Anchorage Police Department](#) upang gawin itong ligtas at maayos hangga't maaari.

Pakisuri itong mga tip sa kaligtasan ng school zone:

- Magsuot ng reflective tape o kasuotan na madaling makita habang naglalakad papunta/naghihintay sa mga hintuan ng bus.
- Mag - carpool kung maari
- Ang paggamit ng cell phone sa mga school zone ay ipinagbabawal, na may multa na \$500
- Alisin ang mga nakapatong sa mga upuan ng inyong sasakyan upang madaling makapasok sa sasakyan ang inyong estudyante.
- Ihatid ang inyong estudyante malapit sa paaralan hangga't maaari upang hindi sila tumawid sa mga kalye.
- Tiyaking papasok at aalis ang inyong estudyante sa sasakyan sa gilid o sa tabi.
- Mag-merge mula sa fire lane sa lalong madaling panahon.
- Subukang makipag-usap sa parking lot o sa ibang lugar.
- Iwasang gumamit ng mga paradahang para sa may kapansanan upang kunin ang inyong estudyante maliban kung mayroon kayong itinalagang permiso.
- Huwag mag-dobleng parada o huminto sa mga tawiran.

Magtulungan tayo upang matiyak na ligtas ang pagpasok at paglabas ng ating mga estudyante sa paaralan.

Ito ay MAGIGING isang kamangha-manghang taon ng pag-aaral! Ang sigla, ang pagiging positibo at taos-pusong pagnanais na bumalik sa isang bagay na parang normal na pakiramdam ay abot-langit. Ang ating komunidad ng ASD ay may kakayahang umangkop, at

tayong LAHAT ay handa para sa ating mga paaralan na muling buksan at para sa pag-aaral na magaganap.

Best,

Dr. Jharrett Bryantt D.
Superintendente
Anchorage School District